Volume 4 Issue 4
Okt - Dis 2024

# THE CURRENT

OPISYAL NA PAHAYAGANG PAMPAMAYANAN NG SEM-CALACA POWER CORPORATION
AT SOUTHWEST LUZON POWER GENERATION CORPORATION

(SUBSIDIARIES OF SEMIRARA MINING AND POWER CORPORATION)

## SCPC, SLPGC pinarangalan sa TESDA Convocation of Partners

Pahina 6




### KKK: Kaalaman at Kasanayan tungo sa Kaligtasan

Pahina 3

### Laban sa Malnutrisyon: SCPC at SLPGC, pinangunahan ang Feeding Program Activity

Pahina 4

### Maligayang pagtatapos sa 22 SCPC at SLPGC Scholars!

Pahina 5

The Current NEW DESIGN - Q4 2024 - Volume 4, Issue 4_8 pages.indd 1
3/5/2025 2:56:45 PM



## Charlie V. Robles
Vice President and
Power Complex Manager

Isang maligayang pagbati sa ating lahat!

Sa pagtatapos ng taong 2024, kami po ay taos-pusong nagpapasalamat sa inyong walang sawang suporta sa SCPC at SLPGC. Dahil sa inyong kooperasyon ay matagumpay naming naipatupad ang aming mga programa sa taong ito.

Ilan sa mga programang ito ay ang quarterly medical mission kung saan nakapagsagawa tayo ng Operation Tuli, Dental Checkup, Eye Checkup, at Clinic Caravan kung saan umabot sa 547 ang mga benepisyaryo. Para naman sa edukasyon, nagkaroon tayo muli ng 20 na bagong iskolar at nakapagpatapos ng 46 trainees para sa Plumbing at Automotive NCI at NCII. Nakapagtanim din tayo ng mahigit 10,000 na puno sa Mt. Patugo, Balayan sa ilalim ng Adopt-a-Forest program ng kumpanya at DENR.

Sa darating na 2025, aming mas pagbubutihin ang pagbibigay ng maaasahang suplay ng kuryente para sa ating komunidad. Makakaasa din kayong magpapatuloy ang aming pagtulong sa pagtataguyod ng ating komunidad.

Nawa'y higit pang tumibay ang ating magandang samahan! Kaisa ninyo kami sa inyong hangarin para sa isang masaganang bukas. Maraming salamat po!



## Noel N. Salamat
Plant Manager
Southwest Luzon Power Generation Corporation

Mabuhay, aming minamahal na host communities!

Sa pagsisimula ng panibagong taon, nais kong ipabatid sa inyo na ang SCPC at SLPGC ay patuloy sa layunin nitong makapagbahagi ng maaasahan at tuloy-tuloy na suplay ng kuryente sa bawat tahanan. Kasabay nito ang patuloy na pagsasagawa ng mga aktibidad at programa para sa ating host communities upang makapagbigay ng pagkakataon sa mas maayos at kapaki-pakinabang na pamumuhay.

Isa na rito ang ginanap kamakailan na Clinic Caravan at Share-a-Gift Activity na naglalayong makapagbigay ng maayos na kalusugan, saya, pag-asa, at ang pagpapatibay sa masaganang ugnayan sa komunidad.

Taos puso po kaming nagpapasalamat sa suportang ibinibigay niyo sa amin. Asahan ninyo ang pagpapatuloy ng mga programa at pagbibigay ng progresibong serbisyo sa komunidad ngayong 2025.

THE CURRENT

**Editorial Adviser:** Charlie V. Robles
**Editor in Chief:** Portia M. Vizconde
**Managing Editor:** Ellaine R. Macayan
Myrla D. Ong Gue
**Associate Editor:** Vincent M. Humarang
Marian Grachel T. Condat
**Editorial Assistant:** Katlyn P. Rosales
**Layout & Design:** Jan Carlo P. De La Peña

Republic of the Philippines Department of Energy
Semirara Mining & Power Corporation
Sem-Calaca Power Corporation
Southwest Luzon Power Generation Corporation

## MGA NILALAMAN

02 Mensahe

03
SCPC at SLPGC, muling nagsagawa ng blood donation drive
KKK: Kaalaman at Kasanayan tungo sa Kaligtasan
Tingnan: libreng reading glasses, ipinamahagi na

04
KALINGA: Clinic Caravan at Share-a-Gift Activity, isinagawa
Laban sa Malnutrisyon: SCPC at SLPGC, pinangunahan ang Feeding Program Activity
Turnover Ceremony, inorganisa ng Baclaran ES

05
GABAY SA TAGUMPAY: Career Talk, isinagawa ng SCPC at SLPGC
Maligayang pagtatapos sa 22 SCPC at SLPGC Scholars!

06
SCPC at SLPGC, nakilahok sa Nutrition in Emergencies Training
MALASAKIT: Tulong sa gitna ng sakuna
SCPC, SLPGC pinarangalan sa TESDA Convocaton of Partners

07 Hanapin at Alamin

08 MMT Results



## SCPC at SLPGC, muling nagsagawa ng blood donation drive

**56** Blood bags ang nalikom

**64** Blood donors

Ginanap ang ikatlong blood donation drive ng SCPC at SLPGC noong Nobyember 22, 2024 kung saan nakalikom ng 56 blood bags mula sa 64 empleyado at contractors.

Lubos ang pasasalamat ng SCPC at SLPGC sa mga naging donors at sa Philippine Red Cross Batangas Chapter - Nasugbu Branch, sa walang sawa nitong pagsuporta sa mga programa ng kumpanya patungkol sa Emergency Preparedness and Response.








## Tingnan: libreng reading glasses, ipinamahagi na

**150** reading glasses

Matapos ang matagumpay na Optical Mission noong Setyembre, ibinigay na ng SCPC at SLPGC ang mga libreng reading glasses sa mga residente ng Brgy. Pantay, Camastilisan, at Quisumbing noong Nobyembre 18, 2024.

Lubos ang pasasalamat ng mga natulungang residente sa inisyatibong ito, lalo na kay Dra. Felix ng Focus Richman Eye Clinic na siyang kaagapay upang maisakatuparan ang medical mission na ito.

"Maraming-maraming salamat po sa ibinigay ninyong libreng salamin. Malinaw na ang aking nakikita kahit sa malayo." pahayag ni Mr. Pedro Eguia, residente ng Brgy. Camastilisan.

## KKK: Kaalaman at Kasanayan tungo sa Kaligtasan

**25** community members

Nabigyan ng kasanayan sa Standard First Aid and Basic Life Support – CPR with Automated External Defibrillator ang ibat' ibang community members mula sa Brgy. San Rafael, Dacanlao, Pantay, Quisumbing, at Calantas sa Lungsod ng Calaca.

Layunin ng training na ito na mabigyan ng sapat na kaalaman ang miyembro ng komunidad sa tamang paraan ng pagtugon sa kaligtasan sa oras ng sakuna. Ang aktibidad na ito ay naisagawa sa tulong ng Philippine Batangas Chapter- Nasugbu Branch, SCPC at SLPGC.







## KALINGA: Clinic Caravan at Share-a-Gift Activity, isinagawa

**102** na mga bata

**68** na mga magulang

Nakibahagi ang mga residente ng Brgy. San Rafael, Brgy. Dacanlao, at Brgy. Baclaran sa clinic caravan at share-a-gift activity na isinagawa ng SCPC at SLPGC noong December 21, 2024.

Ang share-a-gift activity ay isang programa kung saan ang mga empleyado ng SCPC at SLPGC ay nagtulong-tulong mag-organisa ng party at makapamahagi ng mga pagkain, damit, at laruan para sa mga bata.

Kasabay nito, matagumpay ding naidaos ang Clinic Caravan, katuwang ang Philippine Red Cross-Batangas Chapter at Medical Center Western Batangas. Namahagi rin ng libreng gamot, vitamins at libreng konsultasyon para sa mga benepisyaryo.

## Laban sa Malnutrisyon: SCPC at SLPGC, pinangunahan ang Feeding Program Activity

**55** estudyante

Nagsagawa ang SCPC at SLPGC ng Feeding Program Activity sa Dacanlao Quest Child Development Center noong Disyembre 09, 2024. Layunin ng inisyatibong ito na mabawasan ang bilang ng mga malnourished na bata sa komunidad at mas palakasin ang kanilang pangangatawan.

Nakatanggap din ng libreng dental kits ang mga bata upang mas lalo pa nilang mapangalagaan ang kanilang mga ngipin.



EDUKASYON

## Turnover Ceremony, inorganisa ng Baclaran ES

Nag-organisa ang Baclaran Elementary School ng isang turnover ceremony noong Oktubre 16, 2024, para sa pormal na pagpapasalamat sa ibinigay ng SCPC at SLPGC na bagong silid-aralan para sa mga kindergarten students ng paaralan.

"Maraming Salamat sa Sem-Calaca Power Corporation at Southwest Luzon Power Generation Corporation. Hindi ito magiging posible kung hindi dahil sa inyong tulong at suporta", pahayag ni Mrs. Cleofe P. Bajar, punongguro ng Baclaran Elementary School.











## GABAY SA TAGUMPAY: Career Talk, isinagawa ng SCPC at SLPGC

**86** estudyante ang nakadalo

Isinagawa ng SCPC at SLPGC ang isang Career Talk sa Calantas Integrated School noong Oktubre 9, 2024 na may temang "Career Guidance: A Light to your path, a brighter future ahead".

Nagsilbing speaker si Mr. Mel Medrano, Registered Chemist ng SCPC at SLPGC. Nagbahagi siya ng mahahalagang payo sa mga estudyante para sila ay magabayan sa kanilang nais na tahaking karera. Ayon kay Mr. Medrano, "Hindi natin alam ang isa pala sa inyo ay isang future na piloto o kaya ay isang mahusay na guro. Baka nga nandito na rin ang sunod na magiging Miss Universe. Iyo lamang pagsumikapan at iyong mararating."

Ang aktibidad na ito ay pagpapatunay sa tuloy-tuloy na suporta ng kumpanya sa mga mag-aaral para makamit ang kanilang hangarin tungo sa magandang kinabukasan.

## Maligayang pagtatapos sa 22 SCPC at SLPGC Scholars!

Pagbati sa mga 22 iskolars na matagumpay na nakapagtapos ngayong taong 2024. Nawa'y maging matagumpay kayo sa inyong mga susunod na hakbang at harapin ang hinaharap nang may determinasyon at sigasig.

Sa kasalukuyan, mayroon ng 82 iskolars ang patuloy na sinusuportahan ng SCPC at SLPGC mula sa Calaca, Balayan at mga kalapit na bayan sa probinsya ng Batangas. Tuloy-tuloy ang ating pag-aabot ng suporta sa komunidad upang makapagbigay ng oportunidad na makapagtapos at magkaroon ng mas magandang kinabukasan.



**ICYLLE MARGARET A. BATHAN**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**MARIA CHARITY F. ORAÑO**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**KRISTINE GAIA A. MACARAIG**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**ANGELINE M. ESGUERRA**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**BABY JANE A . DAÑO**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**MA. ANTONETTE E. SECRETO**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**SHAIRRA A. MACUHA**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**CHRISTINE C. MALIBIRAN**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**LYRA MARIE C.MAURO**
BS ELECTRONICS ENGINEERING
CAVITE STATE UNIVERSITY



**JASMINE MAE M. PANGANIBAN**
BS CHEMICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**AL EINSTEIN C. ATIENZA**
BS CHEMICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**PRINCESS BEA T. MAGNAYE**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**CHERIE B. MERCADO**
BS MECHANICAL ENGINEEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**JEANNEL E. GOMEZ**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**VISIA FARA C. CALINGASAN**
BS CHEMICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**ELISABETH F. RESURRECCION**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING,
**CUM LAUDE**
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**MA. BEATRICE HACELLEEN G. SOLARES**
BS INDUSTRIAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**JESSICA P. UMADHAY**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**DAMIAN JOSHUA ANTONIO P. BELARA**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
POLYTECHNIC UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES



**AETHELBEA V. CABATAY**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



**CLARENCE C. DE LA ROSA**
BS AGRICULTURAL AND BIOSYSTEMS ENGINEERING
CAVITE STATE UNIVERSITY



**SHERLYN D. MEDRANO**
BS ELECTRICAL ENGINEERING
BATANGAS STATE UNIVERSITY



The Current NEW DESIGN - Q4 2024 - Volume 4, Issue 4_8 pages.indd 4-5 3/5/2025 2:56:56 PM

## MALASAKIT: Tulong sa gitna ng sakuna

**1,215**
**na pamilya ang nabigyan ng relief supplies**

Pinangunahan ng SCPC at SLPGC ang pamamahagi ng relief supplies sa 11 impact barangays na lubos na naapektuhan ng pananalasang dulot ng Bagyong Kristine sa Lungsod ng Calaca at Bayan ng Balayan.

Ang inisyatibong ito ay isinagawa sa pakikipagtulungan sa opisyales ng barangay at iba pang lokal na awtoridad na may iisang hangarin na makapagbigay ng pag-asa at suporta para makabangon ang mga naapektuhang komunidad.






## SCPC at SLPGC, nakilahok sa Nutrition in Emergencies Training

Nakilahok ang SCPC at SLPGC sa isinagawang Nutrition in Emergencies Training ng City of Calaca bilang miyembro ng City Nutrition Council (CNC) noong Nobyembre 21 at 22, 2024 sa Sta. Rosa City, Laguna.

Ang layunin ng nasabing training ay para mas mapaigiting ang paghahanda sa mga dapat gawin tuwing may mga kalamidad at emergency. Nagbahagi din ang CNC ng impormasyon upang mapanatiling maayos ang nutrisyon ng Calacazens sa oras ng sakuna.

TAMPOK




## SCPC, SLPGC pinarangalan sa TESDA Convocation of Partners

Nakatanggap ng parangal ang SCPC at SLPGC sa ginanap na TESDA Convocation of Partners na may temang "Celebrating partnership excellence: Acknowledging our pillars of success" noong Nobyembre 14, 2024 sa Marcial Hall Event Venue, Batangas City.

Ang parangal ay bilang pasasalamat ng TESDA sa patuloy na suporta ng kumpanya sa kanilang programa na naglalayong makapagbigay ng sapat na kaalaman at kasanayan sa iba't ibang indibidwal, upang makahanap sila ng maayos na trabaho tungo sa magandang kinabukasan.

Dagdag pa rito, nakilahok din ang SCPC at SLPGC sa industry consultation na may temang "Building skills for the future: Industry insights for workforce development". Ang konsultasyon na ito ay naglalayong tiyakin na ang mga programa ng TESDA ay naayon sa pangangailangan ng iba't ibang indibidwal, sa kabila ng mabilis na pagbabago ng job market.



# Hanapin at Alamin

Hanapin sa Word Search Puzzle ang mga salitang nasa ibaba na may kaugnayan sa mga Social Development Programs ng Sem-Calaca Power Corporation at Southwest Luzon Power Generation Corporation.

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| U | K | W | W | V | J | O | N | E | Z | D | R | G | M | Y | G | A | E | Z | R |
| W | Z | W | R | V | M | P | Y | S | Z | N | K | B | E | L | I | F | Y | M | B |
| T | F | G | U | N | Q | Q | N | I | X | T | S | W | D | H | U | R | L | F | R |
| B | F | J | X | R | S | S | J | N | Z | P | R | A | I | G | Q | L | X | O | I |
| S | I | K | V | M | K | U | P | F | J | M | T | T | C | W | H | V | D | O | G |
| W | R | X | F | T | I | S | W | R | L | K | T | K | A | H | Y | S | P | D | A |
| H | S | H | E | A | L | T | H | A | N | D | W | E | L | L | N | E | S | S | D |
| J | T | O | F | N | L | A | Z | S | Z | J | E | R | M | P | N | M | D | E | A |
| M | A | M | A | U | S | I | A | T | G | U | A | Q | I | Y | I | O | M | C | E |
| L | I | U | P | T | T | N | B | R | T | R | H | S | S | G | O | Z | C | U | S |
| I | D | W | N | R | R | A | H | U | O | F | V | J | S | H | W | F | G | R | K |
| T | T | S | K | I | A | B | U | C | F | L | U | Q | I | G | X | O | F | I | W |
| S | R | K | Y | T | I | L | R | T | R | R | W | L | O | Q | S | N | K | T | E |
| M | A | M | K | I | N | E | Z | U | M | Y | E | N | N | D | K | V | D | Y | L |
| T | I | X | Q | O | I | S | J | R | T | V | E | L | A | R | T | J | N | K | A |
| W | N | N | N | N | N | E | G | E | I | C | G | H | O | D | M | N | R | S | D |
| O | I | N | J | T | G | A | D | L | H | I | U | U | B | O | I | I | M | X | W |
| N | N | W | E | D | U | C | A | T | I | O | N | T | O | Z | M | B | T | I | H |
| V | G | Y | W | K | L | E | V | R | B | H | E | P | U | C | R | D | M | K | V |
| Q | T | S | C | H | O | L | A | R | S | H | I | P | A | E | I | C | Q | Q | X |

- BRIGADA ESKWELA
- EDUCATION
- FOODSECURITY
- INFRASTRUCTURE
- FIRST AID TRAINING
- HEALTH AND WELLNESS
- LIVELIHOOD
- SUSTAINABLE
- SCHOLARSHIP
- SKILLS TRAINING
- NUTRITION
- MEDICAL MISSION



The Current NEW DESIGN - Q4 2024 - Volume 4, Issue 4_8 pages.indd 6-7
3/5/2025 2:56:59 PM

# MMT RESULTS

We minimize our environmental impacts through responsible management of emissions and plant effluents monitoring. We conduct various monitoring activities regularly, all of which are routinely checked by the Department of Environment and Natural Resources (DENR). These quarterly monitoring activities are done with a DENR-accredited third-party consultant and results of which are validated through a separate Multi-partite Monitoring Team (MMT) validation activity.

## Plant Effluents

*The plants' wastewater discharges should comply with the standards before disposal into the receiving body of water.*

| | pH | B (Boron) | COD | Oil & Grease | Phosphate | TSS |
|---|---|---|---|---|---|---|
| SCPC | 8.1 | 3.34 | 121 | <1.0 | <0.06 | 5 |
| SLPGC | 8.31 | 3.92 | 38 | <1.0 | <0.08 | 1 |
| DENR Standards | 6.5-8.5 | 25 | 200 | 10 | 4 | 100 |

## Ambient Air Quality

*Ambient air quality is the surrounding air in the environment. Air must be clear and clean for everyone's health.*

| | TSP | $PM_{10}$ | $NO_2$ | $SO_2$ | $PM_{2.5}$ |
|---|---|---|---|---|---|
| UPWIND STATION Brgy. Timbain, Calaca, Batangas | 29 | 38 | 4 | 7 | 0 |
| DOWNWIND STATION Brgy. Carenahan, Balayan, Batangas | 43 | 28 | 4 | 7 | 7.5 |
| DENR Standards | 300 | 200 | 260 | 340 | 35 |

## Ambient Noise Quality

*The noise coming from plant operations are controlled so it does not affect the usual daily life of the community.*

***Noise becomes harmful when it exceeds 75 decibels (dB)***

| | Morning | Daytime | Evening | Nightime |
|---|---|---|---|---|
| In front of South Bay Terminal | 56 | 60 | 57 | 54 |
| Ouside Gate 1 | 56 | 59 | 58 | 54 |
| Intersection going to SLPGC | 58 | 58 | 54 | 54 |
| Dacanlao Highway | 59 | 58 | 58 | 56 |
| In front of M. Secreto's house | 60 | 59 | 59 | 56 |
| In front of A. Valencia's house | 59 | 59 | 57 | 56 |
| Water intake before Dacanlao Bridge | 58 | 57 | 56 | 54 |
| In front of SLPGC Water Intake | 55 | 59 | 57 | 54 |
| DENR Standards | 70 | 75 | 70 | 65 |

## PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON

Community Response Line: 0917 1003 876
Email: communityrelations@semcalaca.com
www.semiraramining.com

facebook.com/SMPCEmpoweringOthers
youtube.com/@semirarampc
linkedin.com/company/semirarampc

SEM-CALACA POWER CORPORATION
SOUTHWEST LUZON Power Generation Corporation

The Current NEW DESIGN - Q4 2024 - Volume 4, Issue 4_8 pages.indd 8 3/5/2025 2:56:59 PM